

Taon XXXVII Blg. 5 Marso 7, 2006 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Labanan ang teroristang paghahari ng rehimeng Arroyo

akaraan lamang ang isang linggo, napilitan si Gloria Arroyo na bawiin nitong Marso 3 ang kanyang idineklarang proklamasyon na nagpailalim sa buong bansa sa "state of emergency." Ayon sa kanyang mga alipures, napawi na umano sa kalakhan ang banta sa seguridad ng bansa. Idineklara niya ang Presidential Proclamation 1017 noong Pebrero 24.

Ang totoo, sinalubong ng malawakan at mariing pagtuligsa ang PP 1017 sa loob at labas ng Pilipinas. Kinwestyon ang ligalidad ng deklarasyon. Pinabulaanan ang mga sinasabing batayan nito. Sinuway ang mga pagbabawal sa rali at iba pang pagpuprotesta. Lalong lumawak ang paglaban ng mamamayan at mga panawagang patalsikin

Ginawa ni Arroyo ang pabalat-bungang pagbawi sa
PP 1017 dahil nahirapan itong harapin ang malawakang batikos, at upang
unahan ang anumang posibleng pasya
ng Korte Suprema tungkol dito. Subalit patuloy

si Arroyo.

ang kanyang panlilinlang, pagsisinungaling at paniniil. Wala itong pinagkaiba sa huwad na pagpapawalambisa ni Marcos sa batas militar nang ideklara niya ang "normalisasyon" noong 1981. Kasunod ng palabas na pagbawi sa PP 1017, idineklara ni Arroyo at kanyang mga tauhan na patuloy nitong tutugisin ang diumano'y mga "kasabwat sa kudeta." Kasabay nito'y inilabas ang mga mapanindak na regulasyon para sa masmidya upang tiyaking ito'y susunod sa mga "pamantayan" ng rehimen. Patuloy na target ng mga hakbanging mapanupil ang malawak na nagkakaisang prente ng mga patriyotiko, demokratiko at progresibong pwersa at iba pang pwersang lumalaban sa rehimen.

Nagbabanta ang rehimen na ibabalik nito ang PP 1017 o katulad nito "kapag hinihinging muli ng kalagayan." Patuloy ang malawakang pasistang kontraopensiba ng naghaharing papet at pasis-

tang rehimeng Arroyo para panatilihin ang sarili sa poder at ipataw ang mas

Mga tampok sa isyung ito...

Pasismo sa ilalim ng Proclamation 1017 PAHINA 3 Tugon ng BHB sa Proclamation 1017 PAHINA 5 "People Power,"
unang handog ng Sine
Proletaryo PAHINA 12

masahol pang mga patakarang antinasyunal, anti-demokratiko at anti-mamamayan.

Nananatili ang todong kampanya ng anihilasyon laban sa mga rebolusyonaryo at progresibong pwersang ligal at iligal, armado at di armado, gayundin laban sa iba pang demokratikong pwersa, oposisyong pulitikal at karaniwang mamamayan na nagtataguyod sa pagwawakas sa kinasusuklamang rehimeng bulok, brutal, papet at iligal.

Sa harap ng mga ito, walang ibang pagpipilian ang mga pwersang anti-Arroyo kundi ang pagpapalawak at pagpapaigting ng mga kilos-masa at patuloy na paghimok sa iba't ibang sektor ng lipunan, kabilang ang matitinong upisyal ng gubyerno at mga pwersang militar at pulisya, na mag-urong na ng suporta sa rehimeng Arroyo.

Kailangang ubos-kayang labanan ng rebolusyonaryong kilusan at sambayanan ang mga pasistang atake sa kanila at lalo pang palawakin at paigtingin ang lahat ng anyo ng pakikibaka para maibagsak si Gloria Arroyo. Di hamak na mas mainam ngayon ang kalagayan para sa ibayo pang pagpapalawak ng nagkakaisang prenteng anti-Arroyo at antipasista.

Dapat aktibong manguna ang mga rebolusyonaryong pwersa sa puspusang paglalantad at pagbatikos at lubos na pagpapanagot sa papet at pasistang rehimen.

Kailangang magsikap ang mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa na higit na palaparin ang mga alyansang anti-Arroyo at antipasista sa pambansang saklaw at sa iba't ibang rehiyon at lokalidad. Maaaring mabuo ang isang bagong alyansa para masaklaw ang mas malawak pang hanay o di kaya'y maikutan ang paninikil ng pasistang rehimen.

Umiiral ang mga batayan para sumikad nang buong-lakas ang sambayanan laban sa rehimeng tuluy-tuloy na nagiging pasista. Itaguyod at engganyuhin natin ang diwang palaban sa hanay ng mamamayan at palaganapin ang matapang na pagsuway sa mga pasistang utos. Magbuo ng iba't ibang sentro ng paglaban na may malapad na payong ng nagkakaisang prente.

Patuloy na itutok ang mga pagsisikap na pukawin, organisahin at pakilusin ang mamamayan sa batayan ng mga tampok na isyu ng korapsyon, kagutuman at pambubusabos at mahigpit na ikawing ito sa panawagang patalsikin si Arroyo sa Malakanyang. Nararapat lamang na singilin ang bulok na gubyernong Arroyo sa nawawala o nadispalkong mga pondo, igiit ang pagbabalik ng mga nawaldas na pondo sa mga tunay na dapat magbenepisyo rito at papanagutin ang rehimen sa pandarambong at iba pang kaugnay na krimen.

Tipunin ang galit ng sambayanan sa pangungurakot ng rehimeng
Arroyo ng bilyon-bilyong pondo
mula sa kaban ng bayan habang laganap ang kagutuman at kahirapan
ng mamamayan. Batikusin ang
pagpiga at pambubusabos ng rehimen sa malawak na masa ng sambayanan sa pamamagitan ng mga
programa at patakarang pabor sa
mga imperyalista, malalaking panginoong maylupa, malaking burgesya-kumprador at malalaking korap na upisyal ng kanyang rehimen.

Lalong tumataas ang rebolusyonaryong kamulatan ng mamamayan sa matalas na paglilinaw sa mga ugat ng kanilang kagutuman at kaapihan—ang paghahari ng imperyalismong US, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa bansa. Pupuntiryahin nito di lamang ang papet at pasistang rehimeng Arroyo, kundi pati ang buong naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal.

Dapat ibandera ang mga isyung ito sa mga gahiganteng pagkilos sa buong bansa. Kasabay ng pagpapaigting ng pakikibakang anti-Arroyo, kailangang pasiglahin ang mga pakikibakang masa at ang kilusang propaganda para sa demokratikong rebolusyong bayan.

Higit pang paiigtingin ng Bagong Hukbong Bayan ang mga taktikal na opensiba at rekrutment ng bagong mga Pulang mandirigma. Lalong kinakailangang patindihin ang armadong rebolusyon para mabisang labanan ang mga kahayu-

## \*Bayan

Taon XXXVII Blg. 5 Marso 7, 2006

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

> www.philippinerevolution.org umatanggap ang Ang Bayan

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman

Editoryal	
Labanan ang teroristang paghahari	
ng rehimeng Arroyo	1
Proclamation 1017 at General Order 5	3
Mga protesta ng mga Pilipino sa US,	
Canada, Hongkong	4
Mga aksyong militar ng BHB	5
Ambus ng BHB sa Negros	6
Patuloy ang hidwaan sa loob ng AFP	8
Si Lt. Crispin Tagamolila	9
50 taon ng anti-rebisyunismo	10
Unang handog ng Sine Proletaryo	12
Sa ibayong dagat	
Paglaya ng kababaihan ng China	13
Bisita ni Bush sa India at Pakistan	15
Ralita	16

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas pan at pambubusabos ng pasistang rehimen at ituro sa sambayanan ang wastong rebolusyonaryong direksyon. Kailangang mas palawakin at mas padalasin pa ang mga batayang taktikal na opensiba. Kailangan ding bigyan ng dagdag na partikular na pansin at mas padalasin ang mga espesyal na taktikal na opensibang nagpapatama sa ulo at nagpapaabot ng matunog na mensaheng pampulitika sa pasistang rehimen at sa buong sambayanan.

Dapat ding puspusang labanan at biguin ang hibang na pananalakay at kampanya ng anihilasyon laban sa mga rebolusyonaryo at progresibong pwersa. Asahan ang pagbaling ng pasistang rehimen sa pinakamalupit at pinakamatinding panunupil laban sa mga tunay na rebolusyonaryo at progresibong pwersa sa kanayunan at kalunsuran. Ngayon pa lamang ay nagaganap na ang mas malawakan, mas brutal at mas garapalan pang pagpapatupad ng patakaran ng pamamaslang at pang-aabuso sa mga progresibong pwersa at mga organisasyon ng batayang masa.

Habang matatag na nagpupunyagi sa pagsusulong ng mga pakikibakang bayan, kailangang pagibayuhin ang mga hakbang para pangalagaan ang mga progresibong pwersa at biguin ang pamiminsala ng pasistang kaaway. Alinsunod rito, dapat ibayong palawakin at palalimin ang kilusang lihim sa kalunsuran, habang iginigiit ang mga ligal na karapatan at mga hayagang kilos-masa. Kasabay nito, ang mga pwersang markado ng kaaway para sa likidasyon ay pinapayuhan na lumipat sa kanayunan para sumilong sa proteksyon ng mga rebolusyonaryong armadong pwersa o kumilos sa larangan ng armadong pakikibaka.

Gayundin, kailangang palalimin ang kilusang lihim at ang paglilihim sa kanayunan. Seryosong paghandaan ang banta ng mas malawakang pamamaslang at pagmasaker laban sa kilusang masa sa kanayunan. Sanayin ang mga organisasyong masa at mga baryo sa pakikipaggitgitan at pakikipag-ikutan sa pandarahas, pananakot at panggigipit ng mga pasistang tropa. Lahat ng mga elementong tiyak o malamang na target ng asasinasyon ng mga pasistang pwersa ay dapat agad magbago ng moda ng pagkilos at mahigpit na umiwas sa mga markadong lugar, pagkakahon at pagpapadron ng kaaway.

Lahat ng namumunong komite ng Partido ay dapat magbigay ng masusi at maingat na pansin para tiyakin ang mabilis, ligtas at tuluy-tuloy na daloy ng komunikasyon sa kani-kanilang saklaw at sa mga nakatataas na organo ng Partido. Tiyaking mabilis at ligtas ang daloy ng mga ulat at instruksyon sa pagitan ng mga namumunong komite at mga pinamumunuang yunit ng Partido.

Proclamation 1017 at General Order No. 5

# Mga pasistang atake sa mga pwersang anti-Arroyo

sa sa mga pangunahing target ng Presidential Proclamation (PP) Blg. 1017 na nagdeklara ng "state of national emergency" (SONE) at paglalabas ng kaakibat na General Order (GO) 5 ang mga pwersang bumubuo ng malawak na nagkakaisang prente laban sa paghahari ni Arroyo, laluna ang mga lider ng mga progresibong partido.

Upang bigyang-katwiran ang isinagawang malawakang panunupil, pinalalabas ni Arroyo na nagplano ng isang kudeta ang isang alyansang "Kaliwa-Kanan" na kinasasangkutan umano ng mga rebeldeng sundalo, ng Bagong Hukbong Bayan, mga partidong oposisyon at mga ligal na organisasyon. Naglabas ang Department of Justice (DOJ) ng isang listahan kung saan naghalu-halo ang pangalan ng mga kilalang lider ng PKP-BHB-NDF, mga sundalo at upisyal na anti-Arroyo at mga lider ng mga ligal na progresibong partido.

Inaresto nang walang mandamyento si Rep. Crispin "Ka Bel" Beltran noong Pebrero 25 nang taliwas sa mga saligang karapatang-tao at nang wala ni katiting na konsiderasyon sa kanyang katayuan bilang kongresista. Para lamang mabimbin, laking kalokohang ginamit ng DOJ ang paso nang kasong rebelyon na isinampa ng diktadurang Marcos laban kay Ka Bel noong 1985. Sa harap ng malawakang pagbatikos dito, nagsampa ng panibagong kasong rebelyon ang DOJ laban kay Ka Bel batay sa diumano'y pagkakasangkot niya sa tangkang kudeta. Dahil habambuhay na pagkakabilanggo ang kaparusahan sa kasong rebelyon, hindi magagamit ni Ka Bel ang iginagawad na imunidad sa mga kongresista laban sa pag-aresto dahil aplikable lamang ito kung ang kina-

kaharap na kaso ay may kaparusahang anim na taong pagkakabilanggo o

NEVER AGAIN to MARTIAL LAW

mas mababa pa.

Halos dalawang linggo nang nakapiit sa Camp Crame ang 73-taong-gulang na si Ka Bel. Nitong huli, napilitan ang rehimen na pansamantala siyang ipasok sa PNP General Hospital dahil sa kanyang altapresyon at *diabetes*. Tanging ang kanyang pamilya at mga abugado lamang ang nakakabisita sa kanya. Sa kabila nito, araw-araw ay may nagpipiket sa labas ng Camp Crame upang igiit ang pagpapalaya sa kanya.

Binalak din ng rehimen na arestuhin ang mga kongresista na sina Satur Ocampo, Teodoro Casiño at Joel Virador ng Bayan Muna, Lisa Maza ng Gabriela Women's Party at Rafael Mariano ng Anakpawis. Katulad ni Ka Bel, isinangkot din sila sa diumano'v planong kudeta. Tanging ang malawakang pagtutol at pagtanggi ng kanilang mga kapwa kongresista ang pumiqil sa pagaresto sa kanila ng PNP. Nakapailalim sila ngayon sa kustodiya ng kongreso at mahigit isang linggo nang naninirahan sa loob ng Batasan. Walang araw na dumadaan na walang nagpapahayag ng suporta sa kanila mula sa iba't ibang mga personahe at organisasyon.

Nasa listahan din ng mga ipinaaaresto si dating senador Gregorio Honasan at mga aktibo at retiradong upisyal at sundalong sinasabing kabilang sa pag-oorganisa ng mga grupong anti-Arroyo sa loob ng AFP at PNP.

Sinisindak din ni Arroyo si dating Presidente Corazon Aquino na walang lubay sa pananawagang magbitiw si Arroyo. Si Aquino ang tunay na target ng pilit na pagdadawit sa umano'y tangkang kudeta sa kapatid ni Aquino na si dating Kongresman Jose "Peping" Cojuangco at kay Pastor "Boy" Saycon.

Iniipit din si dating Presidente Joseph Estrada na inaakusahang nagpondo sa pagkilos ng mga re-

## Mga protesta ng mga Pilipino sa US, Canada, Hongkong

Patuloy na sumusulong ang mga protesta ng mga Pilipino sa ibang bansa laban sa Proclamation 1017 at sa huwad na pagbawi rito. Sa US at Canada, nagpapatuloy ang malawakang kampanyang petisyon ng mga progresibo at demokratikong organisasyon ng mga Pilipinong migrante at mga tagasuporta nila laban sa bagong pasistang diktadura hanggang sa mapatalsik si Arroyo sa poder.

Noong Marso 1 sinimulan ang paglulunsad ng sustenidong mga kilos protesta laban sa PP 1017 sa pamumuno ng Gabriela Network USA. Nangako silang magsasagawa ng araw-araw na mga demonstrasyon at piket sa harap ng Philippine Embassy at mga konsulada ng Pilipinas sa iba't ibang bahagi ng US. Sa Chicago, Los Angeles, San Franciso at Seattle, hindi napigilan ng pag-ulan ng nyebe ang pagmartsa ng mga Pilipino at mga tagasuporta nila laban sa mga pasistang hakbangin ni Arroyo. Nagkaroon din ng mga pagkilos ang iba't ibang makabayan at demokratikong organisasyon sa New York at Los Angeles noong Pebrero 27. Sa Canada, nagpalabas ng pahayag ng pakikiisa sa sambayanang Pilipino noong Pebrero 24 ang iba't ibang grupong nagtataguyod ng karapatang-tao at mga organisasyon ng migranteng Pilipino.

Sa Hongkong, naglunsad rin ng rali ang mga migrante noong Pebrero 27 sa pamumuno ng United Filipinos in Hongkong (UniFil) at Migrante International. Sa Bangkok, Thailand, pinasok ng 30 migranteng Pilipino noong Marso 2 ang embahada ng Pilipinas at inanyayahan si Ambassador Antonio Rodriquez na sumali sa mga protestang anti-Arroyo.

Nagpahayag din ng pagkabahala at pagkakaisa sa pakikibaka para sa kalayaan at demokrasya sa Pilipinas ang Philippine European Solidarity. Samantala, inilunsad noong Pebrero 28 ng Filipino Resource Center sa Oslo, Norway ang isang kampanya para sa pagpapadala ng *email* para batikusin ang PP 1017.

beldeng sundalo. Inamin ni Estrada na ang pinamumunuan niyang Saludo sa Kawal Pilipino Foundation ay may ibinigay na kabuuang P8 milyon sa mga yunit militar at pulis na pinag-iinitan ngayon ng rehimen. PSero inilinaw niyang iyon ay ibinigay bilang pamasko at napunta sa kanilang kooperatiba at hindi idiniretso sa mga yunit-militar.

Kaalinsabay, tuluy-tuloy ang pagmamanman sa kilos ng mga aktibista. Naobserbahan na may ilang nakikilalang di-unipormadong pulis na umaali-aligid sa labas ng upisina ng Kilusang Mayo Uno sa Quezon City. Noong Pebrero 25, may isang pangkat ng mga SWAT na pumasok sa loob ng kampus ng UP sa Diliman, Quezon City at naghahanap ng mga lider estudyante roon. Maging ang mga kawaning nagtatrabaho sa upisina sa kongreso ng mga progresibong partido ay sinusundan ng mga pinaniniwalaang ahente ng PNP.

#### Panunupil sa masmidya

Target din ng mapaniil na paghahari ni Arroyo ang masmidya. Pangunahin na rito ang *The Daily Tri*bune, isang pahayagang kritikal kay Arroyo at aktibong naglalantad ng mga anomalya at korapsyon. Nitong Marso 3, sinampahan ng kasong sedisyon ang punong patnugot nitong si Ninez Cacho-Olivarez at mga kolumnista nitong sina Ike Señeres at Herman Tiu-Laurel.

Bago ito, nireyd ng PNP Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) ang upisina at imprenta ng *Tribune* at mahigit isang linggong pinwestuhan ang kanilang upisina. Noon namang Pebrero 28, "binisita" ng ilang tauhan ng PNP ang upisina ng dyaryong *Abante* at nagtanong tungkol sa mga upisyal nito.

Nitong namang Marso 3, naglabas ang National Telecommunications Commission (NTC) ng isang memorandum kung saan itinatakda nito ang mga "pamantayan" na dapat sundin ng mga kumpanya sa brodkas. Iginiit ng NTC sa mga kumpanya sa brodkas na "huwag ipagamit ang kanilang mga pasilidad sa mga nananawagan sa pagbabaqsak nq qubyerno sa pamamagitan ng karahasan, at huwag ipahintulot ang pagbrodkas ng anumang may tendensyang magpanukala o maghikayat sa pagtataksil, rebelyon o sedisyon o maqdudulot ng tiyak at kagyat na panganib sa estado."

Bago pa ito, nagbanta ang NTC na maaari nitong ipailalim sa kontrol nito ang alinmang kumpanyang pambrodkas na hindi susunod sa mga "pamantayan" na itinakda ng gubyerno. Muli nitong inilabas ang mga lumang memorandum na tahasang nagbabawal sa mga brodkaster na magbigay ng oras sa himpapawid sa mga tinataguriang "kaaway ng estado."

Kasabay nito, inamin ng DOJ na minamanmanan nito ang pitong kumpanya sa brodkas.

Sagot sa Proclamation 1017

## Sunud-sunod na aksyong militar ng BHB

**S** unud-sunod na mga aksyong militar ang itinugon ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Proclamation 1017 ni Gloria Arroyo na naglagay sa buong bansa sa *state of national emergency*. Ang mga ito ay ambag ng BHB sa pagpapabilis sa pagbabagsak sa rehimeng Arroyo.

Marso 3, Mindoro. Tinambangan ng isang platun ng Lucio de Guzman Command ng BHB ang mga tropa ng Regional Mobile Group (RMG) ng Philippine National Police sa Sityo Minolo, Barangay San Isidro, Puerto Galera sa Oriental Mindoro. Pinasabugan ng mga Pulang mandirigma ng bomba ang kanilang sinasakyang dump truck bandang alas-6 ng umaga. Dalawang elemento ng RMG ang agad na napatay habang nasugatan ang tatlo pa.

Tinutugis noon ng naturang yunit ng PNP ang isang yunit ng BHB.

Samantala, sa isla ng Mindanao, nakapaglunsad ang mga yunit ng BHB ng 18 armadong atake laban sa mga tropa at galamay ng pasistang rehimen mula nang ideklara ang PP 1017 hanggang noong Pebrero 28. Kabilang sa mga ito ang sumusunod:

Pebrero 27, Barangay Zapanta, Kitcharao, Agusan del Norte. Isang sundalo ang napatay sa operasyong harasment ng BHB-Front 16 laban sa dalawang platun ng 30th IB na nang-hostage sa buong barangay bilang pananggalang laban sa BHB.

Pebrero 26, Barangay Bugsokan, Butuan City. Hinaras ng mga kasapi ng BHB-Front 21 ang nagooperasyong tropa ng 29th IB. Isa ang napatay sa hanay ng mga sundalo.

Pebrero 25, Barangay Cabongbongan, Surigao City. Di mabilang ang kaswalti ng kaaway nang harasin ng mga kasapi ng BHB-Front 19 bandang alas-2:12 ng madaling araw ang detatsment ng 23rd IB at CAFGU.

Barangay Zapanta, Kitcharao, Agusan del Norte. Di rin mabilang ang pinsala sa kaaway sa dalawang ambus na isinagawa ng mga Pulang gerilya ng Front 14 bandang alas-10:30 ng umaga at 11:30 ng tanghali laban sa dalawang nagpapatrulyang kolum ng 30th IB ng Philippine Army.

Barangay Kasapa, Loreto, Agusan del Sur. Dinisarmahan ng BHB-Front 34 ang isang elemento ng Civilian Volunteer Organization at nasamsam sa kanya ang isang .38 rebolber, isang radyong VHF at tatlong bulletproof vest.

Pebrero 24, Barangay Masara, Maco, Compostela Valley. Dinisarmahan ng mga Pulang mandirigma ng BHB-Front 27 ang mga gwardya ng Crew Gold Mining Corporation at nasamsam ang dalawang pistolang .45, siyam na .38 rebolber at anim na shotgun. Nakakumpiska rin ng siyam na VHF handset radio at isang VHF base radio. Isang gwardyang nanlaban ang nasugatan.

Alas-8 ng gabi sa Sityo Apa-apa, Bangonay, Jabonga, Agusan del Norte. Hinaras ng mga mandirigma ng BHB Front 16 ang nag-ooperasyong mga tropa ng 30th IB ng Philippine Army. Bunsod nito, nagkaroon ng *misencounter* ang mga tropang militar kung saan dalawa ang napatay at isa ang nasuqatan sa hanay ng mga sundalo.

## Mga sundalo, inambus ng BHB sa Negros

LIMANG sundalo ang napatay at dalawa ang nasugatan sa dalawang magkahiwalay na ambus ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa mga elemento ng Philippine Army sa Candoni, Negros Occidental noong Enero 29.

Tinambangan ng isang yunit ng BHB-Roger Mahinay Command ang isang kolum ng 61st IB na nakaambang sumalakay sa isang kampo ng BHB bandang alas-3 ng hapon noong araw na iyon. Pumwesto ang mga mandirigma sa mga lugar na natukoy nilang dadaanan ng mga sundalo kaya matagumpay nilang naambus ang naturang yunit. Tatlo sa mga sundalo ang napatay at isa ang nasugatan sa isang oras na labanan.

Bandang alas-5 ng hapon, tinambangan naman ng BHB ang reimporsment na mga yunit militar. Dalawang sundalo ang tinamaan at agad namatay. Ayon kay Ka Nilo Magtanggol, tagapagsalita ng Roger Mahinay Command, walang namatay o nasugatan sa panig ng BHB sa dalawang labanan.

Pinag-iinitan din ni Arroyo ang ABS-CBN na patuloy na nagkokober sa iba't ibang mga pagkilos ng mga pwersang anti-Arroyo. Nagbanta ang DOJ na sasampahan nito ng kasong "inciting to sedition" ang ABS-CBN kaugnay ng kanilang naging pagbabalita sa mga pangyayari sa Fort Bonifacio noong Pebrero 26.

## Proclamation 1017, lalong nagpaalab sa paglaban ng mamamayan

Hindi natinag ang mga mamamayang Pilipino sa kabila ng mga pananakot at pagpapatupad ng ibayong mapaniil na hakbangin ng rehimeng Arroyo mula nang ideklara at bawiin ang PP 1017.

Noon mismong Pebrero 24, ilampung libo ang nagrali sa Ayala upang gunitain ang ika-20 anibersaryo ng EDSA 1 at isigaw ang pagpapatalsik kay Arroyo. Pagpapakita ito ng kolektibong pagsuway ng mamamayan sa PP 1017 na isinangkalan ng pulis upang harangin at marahas na buwagin ang mga naunang pagtitipon ng libu-libong mamamayan sa EDSA Shrine. Halos

100 mga raliyista ang dinakip doon ng mga pulis.

Kasunod nito, halos araw-araw ang kaliwa't kanang mga pagkilos laban sa PP 1017 at nagtatanggol sa karapatang magpahayag at magtipon.

Halos 20 magkakaibang organisasyon ng mga abuqado, mga partido at ilang indibidwal ang tumungo sa Korte Suprema upang magsampa ng kasong kumukwestyon sa SONE, PP 1017 at mga isinagawang hakbanqin ni Arroyo kasunod nito. Kabilang sa mga naghapag ng reklamo ang Integrated Bar of the Philippines, Alternative Law Group, Public Interest Law Center, mga propesor ng UP Law Center, Kilusang Mayo at sina House of Representatives Minority Leader Cong. Francis Escudero at Cong. Lorenzo Tañada III ng Quezon. Didinigin ang mga reklamong ito sa Marso 7.

Daan-daan naman ang nagtipon sa labas ng Fort Bonifacio noong Pebrero 26, sa loob ng kampus ng University of the Philippines (UP) sa Diliman, Quezon City at sa Ayala Avenue, Makati, bilang suporta sa kilos-protesta ng mga sundalo ng Philippine Marines sa loob ng Fort Bonifacio (tingnan ang kaugnay na artikulo).

Sa mga sumunod na araw, tumampok ang mga pagkilos ng mga estudyante at quro sa loob ng UP. Idineklara ng mga estudyante at quro rito na ang kanilang kampus ay malaya sa PP 1017. Daan-daan ang lumahok sa halos araw-araw na mga protesta sa loob ng eskwelahan. Kabilang dito ang malawakang walkout ng mga estudyante at guro noong Pebrero 27 at tuluy-tuloy na vigil (paglalamay). Ipinahayaq Dr. Emerlinda Roman, presidente ng UP, na patuloy na itataguyod ng buong sistema ng UP ang karapatan sa pamamahayag at pagtitipon.

Gayundin, naglabas ng upisyal na paninindigan laban sa mga pasistang hakbang ni Arroyo ang District Council of the De La Salle Brothers, ang University Council-University of the Philippines in Diliman at ang Ateneo de Manila University.

Mariin ding kinundena ng Senado ang SONE bilang paglabag sa konstitusyon at Bill of Rights. Sa pangunguna ni Sen. Frank Drilon, ipinasa sa Senado ang resolusyon na kumukundena sa PP 1017 at nagtatakda ng mga pagdinig para labanan ito. Liban kina Sen. Lito Lapid at Miriam Santiago, nagpahayaq ng protesta ang mga senador sa pamamagitan ng pagsusuot ng itim na "armband." Naghapag naman ng reklamo si Sen. Jamby Madrigal sa Office of the UN High Commissioner on Human Rights sa Geneva, Switzerland kaugnay ng pagyurak ni Arroyo sa mga karapatang-tao.

Kasabay nito, inihahanda na ng mga senador ang pagsasampa ng kasong pandarambong laban kay Arroyo at kanyang mga kasabwat na punong upisyal sa Department of Agriculture (DA) sa bilyun-bilyong halaga ng mga pondo para sa

abono na ninakaw nila at ginamit sa nakaraang eleksyon.

Marami rin sa mga alyado ni Arroyo sa Kongreso ang nanindigan laban sa PP 1017. Nakiisa ang buong Kongreso sa resolusyong nagbibigay ng kustodiya sa limang kongresistang gustong arestuhin ng PNP at kumukundena sa mga mapaniil na hakbangin kaugnay ng PP 1017.

Sama-sama ring nagpahayag ng pagtutol noong Pebrero 28 ang malalaking organisasyong relihiyoso kabilang ang National Council of Churches of the Philippines (NCCP), United Churches of Christ of the Philippines (UCCP), Iglesia Filipina Independiente, Catholic Rural Missionaries of the Philippines, Ecumenical Bishops Forum, United Methodist Church at Promotion of Church People's Response (PCPR).

"Di kami pasisindak!" ang naging tugon ng mga upisyal at tauhan ng *The Daily Tribune*, ABS-CBN

at Abante sa mga tangkang pananakot sa kanila. Muling naging aktibo ang National Press Club (NPC) sa pagbabatikos sa mga paggigipit sa masmidya. Sa

m is -

baku-

r a n

adlle.

ng NPC idinaos ang kilos protesta noong Pebrero 27 na dinaluhan ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP), Alyansa ng mga Filipinong Mamamahayag, Malacañang Press Corps, Progressive Tri-Media of Pasay City, National Bureau of Investigation Press Club, Manila Police District Press Corps, Camanava Press Corps at Philippine Drug Enforcement Agency Press Corps.

Naglunsad rin ng rali ang 500 abugado at iba't ibang sektor noong Marso 3. Sa pangunguna ng Integrated Bar of the Philippines, nagmartsa sila patungo sa EDSA Shrine sa Ortigas Avenue kung saan sila hinarang ng mga pulis at pwersahang pinigilang magrali, kahit pa matapos bawiin ni Gloria Arroyo ang PP 1017. Nagpahayag din ng pagtutol ang Makati Business Club laban sa PP 1017 sa pangambang lalo nitong pasasamain ang ekonomya.

#### Konsolidasyon ng diktadurang Arrovo

Sa kabila ng pinalalabas nitong Marso 3 na binawi na ang deklarasyon ng PP 1017, patuloy na umiiral ang mga pasistang patakaran at ang paghaharing mala-batas militar ni Gloria Arroyo. Nananatili ang mababangis na epekto ng PP

sa mga kalaban ng rehimen. Nananatili ang banta ng pangaresto sa limang kinatawan ng mga progre-

sibong partido at ang panggigipit sa midya.

Mismong si Arroyo ang nagsabi na nakahanda ang kanyang rehimen na paulit-ulit na mag-isyu ng mga proklamasyong tulad ng PP 1017 tuwing iiral umano ang batayan para rito. Wala ring ginawang pagbawi si Arroyo sa GO 5 na siyang gamit ng AFP at PNP sa paniniil sa mamamayang Pilipino.

Bilang bahagi ng pagpapatatag ni Arroyo sa kapangyarihan, muli nitong pinapaspasan ang pagkakasa ng Chacha (pagbabago ng konstitusyon) sa kalagitnaan ng taon. Bukod sa layuning gawing mas antinasyunal at anti-demokratiko ang konstitusyon alinsunod sa dikta ng US, layunin din ni Arroyo ang magangkin ng mga kapangyarihang ala-Marcos bilang magkasabay na presidente at punong ministro. Ito ang nilalaman ng mga itinutulak ng rehimen na "transitory provision" na naq-udyok kay Vicente Paterno na magbitiw sa Constitutional Commission na bumuo ng panukalang mga pagbabago.

Bahagi rin ng paglalatag ni Arroyo ng mas masaklaw na kontrol at kapangyarihan sa pulitika ang pagkokonsolida niya ngayon ng hawak sa mga lokal na gubyerno sa pamamagitan ng pagtatalaga kay Ronaldo Puno bilang kalihim ng Department of Interior and Local Government (DILG).

Sina Arroyo rin ang nasa likod ng paglulunsad ng kudeta sa loob ng Liberal Party para mapatalsik si Sen. Franklin Drilon bilang presidente at maipalit sina Manila Mayor Lito Atienza at Chief of Staff Mike Defensor sa liderato. Upang magamit ang pondo ng gubyerno para sa mga pamasahe at iba pang gastos ng mga hinakot para sa

huwad na kumbensyon, pinalabas ng Malakanyang na isa itong seminar ng DILG para sa mga lokal na pinunong bayan. Hindi ito kinilala ni Drilon

## Patuloy ang hidwaan sa loob ng AFP

Patuloy na lumalala ang hidwaan sa loob ng AFP. Ang pinakahuling protesta ng mga sundalo ay ibinunsod ng pagtatangka ni Gloria Arroyo na tanggalin sa hanay nito ang mga upisyal at sundalong lumalaban sa kanyang patuloy na paghahari. Hindi ito mapagtatakpan kahit pa walang tigil ang Malakanyang sa pagsasabing buo ang suporta ng AFP sa gubyernong Arroyo.

Mismong si AFP Chief of Staff Lt. Gen. Generoso Senga ang nagsabi na kinausap siya noong Pebrero 23 nina Brig. Gen. Danny Lim, hepe ng 1st Scout Ranger Regiment, at ni Col. Ariel Querubin, hepe ng 1st Marine Brigade para anyayahan siyang lumahok sa plano ng maraming tauhan ng AFP at PNP na dumalo sa mga protestang masang nakatakda kinabukasan. Tiwala sina Lim na makukuha nila ang suporta ni Senga. Subalit malao'y ipinaaresto niya si Lim sa bahay nito. Si Querubin naman ay binantayan sa loob ng kanyang tirahan sa Fort Bonifacio. Samantala, ang punong komandant ng Philippine Marines na si Maj. Gen. Renato Miranda ay tinanggal sa pwesto makaraan ang dalawa pang araw.

Noon ding Pebrero 23, naulinigan ng pamunuan ng PNP ang balak ng pinuno at mga pwersa ng PNP-Special Action Forces na nakabase sa Camp Sto. Domingo, Sta. Rosa, Laguna na lalahok sa rali ring ivon para ipahayag ang pagtalikod nila sa rehimen. Kaagad tinanggal sa pwesto and hepe nd SAF na si Chief Supt. Marcelino Franco at tatlo pa niyang kasamahan sa kumand na sina Senior Supt. Benjamin Magalong, Chief Insp. Ericson Dilag at Insp. Ryan Paloma. Kasunod nito'v maraming iba pang upisyal sa mas mabababang antas ng mga kumand ng AFP at PNP sa mga prubinsya ang pinalitan sa hinalang di sila tapat sa rehimeng Arroyo.

Ang pagsibak kay Miranda noong Pebrero 26 ay sinalubong ng kilos-protesa ng mga pwersa ng 1st at 2nd Marine Brigade sa loob mismo ng himpilan ng Philippine Marines sa Fort Bonifacio, Taguig, Metro Manila. Si Gen. Nelson Allaga, ang ipinalit ng rehimen kay Miranda, ay isa sa mga upisyal ng AFP na nasangkot sa pandaraya ni Arroyo sa eleksyon noong 2004 sa Lanao.

Pinangunahan ni Col. Ariel Querubin ang pagmamartsa ng Marines sa loob ng kampo upang ipahayaq anq kanilanq paqtutol sa "di-makatarungang" pagsibak kay Miranda. Pumwesto sila sa harap ng tanggapan ng komandant daladala ang isang tangkeng Simba at tatlong armored personnel carrier (APC). Sa kanyang pahayag sa midya, nanawagan si Querubin ng pagsuporta ng taumbayan, na maagap na tinugon ng ilandaang taong nagtipon sa labas ng kampo. Kabilang dito sina dating presidente Corazon Aquino, dating bise-presidente Teofisto Guingona, mga senador at kongresista at iba pang kilalang personalidad. Ilandaan din ang mabilis na nagtipon sa Ayala Avenue at sa loob ng UP Diliman.

Pansamantalang naresolba ang protesta sa Fort Bonifacio nang mag-usap-usap ang mga upisyal ng Marines at magkaisa silang tumalima sa *chain of command*. Pero patunay ng nagpapatuloy na ligalig sa hanay ng Marines ang pahiwatig ni General Allaga sa kanyang pahayag matapos ang protesta na ang kinikilala nilang hangganan ng susunding *chain of command* ay ang hepe ng Philippine Navy na si Vice

Adm. Mateo Mayuga.

Sa pag-asa ni Arroyo na mahimok pa rin ang mga disgustadong upisval at pwersa ng AFP at PNP, humiling siya ng pakikipagdayalogo sa kanila. Sinalubong ito ng hamon ng mga upisyal at sundalong anti-Arroyo na isama sa dayalogo ang di pa nareresolbahang kontrobersyang "Hello Garci!" at ang pagkakasangkot ng ilang heneral at paggamit sa buong institusyon ng AFP at PNP sa pandaraya sa nakaraang eleksyon. Iginiit din ng grupo na hindi lamang ang ligalig sa hanay ng militar at pulisya ang kailangang pag-usapan kundi pati ang ligalig na bumabalot sa buong lipunan na isinisisi nila kay Arroyo.

Sa aktwal, walang naganap na kudeta at tanging pagpuprotesta ang kinasangkutan ng mga inarestong upisyal ng AFP at PNP. Sa kabila nito, wala pa ring puknat ang pangungumbinsi ng rehimen sa kanilang mga tauhan na mayroon umanong alyansa ang PKP-BHB at mga rebeldeng militar na nagplano ng kudeta. Naghakot pa rin ang Philippine Army ng 1,200 loyalistang sundalo mula sa Central Luzon at Mindanao tungong Metro Manila para magsilbing pwersang kontrakudeta at tagapagtanggol ng Malakanyang.

Kasabay nito, inilantad ni Sen. Rodolfo Biazon na mayroong limang sundalong inutusan ng ilang upisyal ng AFP na magpasok sa Kamaynilaan ng apat na pakete ng eksplosibong C4 bago bawiin ni Arroyo ang state of national emergency. Sinuway ng limang sundalo ang kautusang ito sa pangambang iyon ay qaqamitin sa mga teroristang pambobomba ng rehimen sa Metro Manila. Nagtatago sila ngayon dahil may utos na shoot to kill laban sa kanila dahil sa kanilang pagsuway. Ani Biazon, mayroon pang 36 na pangkat na inutusan ding magdala ng mga pasabog sa pambansang kabisera.

# Mula sa reaksyunaryong hukbo tungo sa hukbong bayan

**S** i Lt. Crispin Tagamolila ay upisyal ng Philippine Army nang magpasya siyang sumapi sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong Marso 29, 1971.

Nagsisilbi siya noong Finance Officer ng 1st Infantry "Tabak" Division. Ang yunit na ito na noo'y nakabase sa Fort Magsaysay, Nueva Ecija ang tanging panlabang dibisyon noon ng Philippine Army.

Lumaki sa prubinsya ng Iloilo si Crispin Tagamolila. Nagtapos siya ng kolehiyo sa Ateneo de Manila bago nagpasyang pumasok AFP. Sa mga panahong iyon, madalas niyang kadebate ang kanyang kapatid na si Antonio, na noo'y isa nang aktibista at punong patnugot ng *Philippine Collegian*, ang upisyal na pahayagan ng mga estudyante ng University of the Philippines sa Diliman, Quezon City.

Bilang isang nakababatang upisyal ng AFP, ipinagtanggol ni Lieutenant Tagamolila ang gubyerno at umasa sa "mapayapang paraan ng pagbabago." Ngunit unti-unti siyang namulat sa kabulukan ng naghaharing sistemang panlipunan laluna nang masaksihan niya ang pandaraya ni Marcos sa halalan ng 1969. Lalo pa siyang namulat nang gamitan ng karahasan ng rehimeng Marcos ang mga demonstrasyon noong Enero 1970 na humantong sa Sigwa ng Unang Kwarto.

Naging kaibigan ni Lieutenant Tagamolila si Lt. Victor Corpus na noon ay nasa Philippine Constabulary (ngayon ay Philippine National Police). Kapwa sila nag-aral sa Philippine Military Academy. Nang minsang ipagtanggol nila sa debate ang pangangailangan ng pagbabago sa sistemang panlipunan, nalagay silang dalawa sa listahan ng mga pinaghihinalaang "radikal" sa loob ng AFP. Lalo pang uminit ang mata ng AFP kay Lieutenant Tagamolila nang sumapi si Lieuten-

ant Corpus sa BHB, tangay ang mga sandata mula sa armori ng PMA noon g Disyembre 29, 1970.

Bilang upisyal sa pinansya ng reaksyunaryong hukbo, nalantad kay Lieutenant Tagamolila ang mga kabulukan sa loob ng 1st ID at sa buong AFP. Galit na galit siya sa noon pa ma'y laqanap na korapsyong bumibiktima sa mga karaniwang sundalo, tulad ng pagkakaltas at madalas na pagbabalam sa sweldo ng mga sundalo para magamit ng mga upisyal sa negosyo o iba pang katiwalian. Nakita rin niya ang maanomalyang pagbebenta ng mga kagamitang militar pati na mga pyesa ng mga sasakyan. Nagngitngit siya sa galit sa mga kaso ng panggigipit sa mga asawa ng mga sundalo para maging kerida ng mga upisval.

Nabasag ang mga ilusyon ni Lieutenant Tagamolila. Hindi na niya natiis ang napakaraming mga kaso ng korapsyon ng matataas na upisyal at ang pang-aapi sa mga batang upisyal at karaniwang sundalo.

Nang magkaroon siya ng ugnay sa mga Pulang mandirigma, madaling nagpasya si Lt. Crispin Tagamolila na iwan ang Armed Forces of the Philippines at sumapi sa BHB. Tahimik lamang ang naging pagsapi niya sa hukbong bayan dahil mas tumampok noon ang balita ukol sa pag-agaw ng ilang aktibista sa eroplano ng Philippine Airlines na pinalipad nila mula Maynila tungong China noong Marso 30, 1971.

Mula noon, kinilala si Lieutenant Tagamolila sa pangalang Ka Cely.

Unang itinalaga si Ka Cely sa Isabela kung saan gumanap siya bilang instruktor militar ng Regional Operational Command para sa Cagayan Valley. Hinawakan niya ang Mobile Military-Political School (MMPS) noong 1971-72.

Sa piling ng masa, ibayong lumalim ang komitment ni Ka Cely sa

sundan sa "Tagamolila," pahina 10

## Panukalang ipagdiwang ang mga makasaysayang tagumpay ng pakikibaka laban sa modernong rebisyunismo mula 1956

20 Pebrero 2006

pinapanukala naming mga nakapirma sa ibaba, sa lahat ng mga partido at organisasyong Marxista-Leninista-Maoista na ipagdiwang ang ika-50 anibersaryo ng pakikibaka laban sa modernong rebisyunismo at maglunsad ng mga aktibidad sa layuning muling pagtibayin ang ating paninindigang isulong ang pakikibakang ito, na nagsimula noong 1956 sa paglaban sa rebisyunistang nilalaman ng ika-20 Kongreso ng Communist Party of the Soviet Union (CPSU) noong Pebrero 1956.

Naabot ng pakikibaka sa modernong rebisyunismo ang panibago at mas mataas na antas nang magsimula ang Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura no-

ong Mayo 1966. Lamang, mula nang mamatay si Kasamang Mao noong Setyembre 1976, kinaharap natin ang pagkakanulo sa sosyalismo at panunumbalik ng kapitalismo sa China. Hinahamon tayong itaguyod ang Marxismo-Leninismo-Maoismo, bakahin ang modernong rebisyunismo at ang masasamang bunga nito at kamtin ang mas malalaki pang tagumpay sa pagtupad sa istorikong misyon ng proletaryado na abutin ang sosyalismo.

Sa ika-20 Kongreso ng CPSU, itinakwil ng rebisyunistang pang-kating Soviet na pinamunuan ni Krushchov ang mga saligang prinsipyo ng Marxismo-Leninismo at ang mga rebolusyonaryong tagumpay

"Tagamolila," mula sa pahina 9

pagrerebolusyon. Bahagi ng pagpapanibagong-hubog ni Ka Cely ang kanyang taimtim na paglahok sa gawaing masa at gawaing produksyon. Mulat si Ka Cely na galing siya sa reaksyunaryong militar at kailangan niyang magkaugat sa hanay ng masa. Ang unang masigasig na ginawa niya ay mag-aral ng Iloko dahil hindi niya ito kabisado. Ang alam niyang mga wika ay Hiligaynon at Tagalog. Dahil masipag at masigasig, mabilis siyang natuto nito. Kalaunan ay hindi na nahahalatang hindi siya Ilokano.

Isang dahilan din kung bakit siya mabilis na natuto ay ang pagnanais niyang makatulong sa paglutas sa mga suliranin ng masa. Natural lamang kasi na kinakausap ng masa ang mga Pulang mandirigma para idulog ang mga suliranin sa mga alitan sa lupa, sa pagitan ng mga grupo at mga pamilya at iba pang samutsaring problema mula sa pag-aasawa hanggang sa mga away pampamilya.

Napamahal sa masa si Ka Cely dahil sa likas niyang pagiging masayahin at mapagpakumbaba. Matatag siya at mapaglingkod. Palagi rin niyang kinukuha ang pinakamabibigat na buhatin, laging inaalala ang kapakanan ng masa at ng mga kasama.

Nang masugatan si Ka Cely sa isang labanan noong 1971, ipinakita ng masa ang pagmamahal sa kanya nang dumagsa silang may dalang mga prutas, manok, baboy at iba pang mga bagay sa kanyang pinagpapahingahan. Nasabi niyang "ang sarap talagang magmahal ng masa."

Bilang instruktor at kadreng militar, pinangunahan din ni Ka Cely ang ilang matatagumpay na taktikal na opensiba ng Company B ng BHB sa Jones at Echague, Isabela. Nasawi si Ka Cely sa isang labanan sa Barangay Kalatbagen, Dipanung, Echague noong Abril 16, 1972.

Maaga mang namatay si Ka Cely, patuloy siyang nagsisilbing inspirasyon, laluna sa mga batang upisyal, sundalo at tauhan ng AFP at PNP na naghahanap ng pagbabago sa lipunan.

Ang kanyang halimbawa ang itinataguyod ng mga lumalahok sa Lt. Crispin Tagamolila Movement (LCTM), isang rebolusyonaryong kilusan na umuugnay, humihimok at nag-oorganisa sa hanay ng mga sundalo at pulis ng reaksyunaryong sandatahang lakas. Sa diwa rin ng LCTM, maraming mga upisyal, sundalo at pulis ang nakakaugnayan ng rebolusyonaryong kilusan bilang mga kaibigan at alyado sa loob ng AFP at PNP na tumutulong sa maraming paraan sa pagpapalakas ng BHB at pagsusulong ng rebolusyon.

Sa harap ng nagpapatuloy na mga kundisyong nagtulak noon kay Lieutenant Tagamolila na tahakin ang rebolusyonaryong landas, patuloy din ang pagkamulat ng maraming mga katulad niyang batang upisyal ng AFP. Tiyak na darami pa ang magpapasyang sumapi o umugnay at makipagtulungan sa tunay na hukbo ng mamamayan. Nakahanda ang BHB na tanggapin sa hanay nito, bilang mga kawal at kumander, ang marami pang katulad ni Lt. Crispin Tagamolila na nagpasyang itutok ang kanilang mga baril sa naghaharing uri at hindi laban sa inaaping mamamayan.

ni Kasamang Stalin sa ngalan umano ng paglaban sa "kulto ng personalidad." Pinasinayaan nito ang penomenon ng modernong rebisyunismo laban sa proletaryong diktadura at inilagay ang Soviet Union sa landas ng kapitalistang panunumbalik.

Nagpalaganap ito ng populismong burges sa pamamagitan ng mga konseptong "partido ng buong bayan" at "estado ng buong bayan" at pasipismong burges sa mga kaisipang "mapayapang transisyon," "mapayapang kompetisyon" "mapayapang pakikipamuhay." Kinasangkapan nito ang modernong rebisyunismo upang bagbagin at pailalim na sirain ang pandaigdigang kilusang komunista. Itinulak nito ang "mapayapang pakikipamuhay" bilang pangkalahatang linya upang labanan ang proletaryong internasyunalismo at atakehin ang pandaigdigang kilusang komunista at mga kilusan para sa pambansang paglaya.

Sa pamumuno ni Kasamang Mao Zedong, maagap na inilabas ng Partido Komunista ng China noong Abril 1956 ang editoryal ng People's Daily na pinamagatang "Hinggil sa Istorikong Karanasan ng Diktadura ng Proletaryado." Ipinagtanggol nito ang teorya at praktika ng Marxismo-Leninismo laban sa linya ng modernong rebisyunismo. Tinuligsa nito ang mga rebisyunista sa pagkakalat ng kalituhan sa pandaigdigang kilusang komunista at pang-uupat ng kaguluhan at pagaalsa laban sa sosyalistang adhikain sa Poland, Hungary at iba pang lugar sa

Itinulak ng delegasyon ng Partido Komunista ng China ang linyang anti-rebisyunista sa mga pu-

Eastern Europe.

long sa Moscow ng mga partido komunista at partidong manggagawa noong 1957 at 1960. Matapos ito, pinuna at itinakwil nito ang nagiibayong pag-iral ng monopolyong burukratang-kapitalismo at sosyalimpervalismo sa ilalim ng malawig na rehimen ni Brezhnev. Nagpanggap na sosvalismo ang monopolyong burukratang kapitalismo habang nagsasabwatan naman ang mga burukrata at negosyante sa pagnanakaw sa pang-estadong sektor ng ekonomya. Sa ugnayang internasyunal, ang mga rebisyunistang Soviet ay naging sosyalista sa salita at impervalista sa gawa.

Hindi nagpakasapat si Kasamang Mao sa pagpuna sa modernong rebisyunismo sa paglitaw at paglaki nito sa Soviet Union at iba pang bansa sa blokeng Soviet. Pinag-aralan at sinuri niya ang paglaki ng modernong rebisyunismo sa China, na lumitaw kapwa mula sa mga lokal na salik at mga impluwensyang panlabas. Kaya, inilunsad niya ang Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura upang isulong ang teorya ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng proletaryong diktadura. Layunin ni-

tong labanan ang rebisyunismo, hadlangan ang panunumbalik ng kapitalismo at konsolidahin ang sosyalismo.

Habang nabubuhay si Kasamang Mao, napamunuan niya ang proletaryado at sambayanang Tsino sa sunud-sunod na tagumpay sa Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura sa kabila ng malalaking balakid at makapangyarihang mga kalaban. Ngunit di naglaon pagkamatay niya, inagaw ng mga kaaway ng proletaryado at sambayanang Tsino ang poder at binaligtad ang kanyang proletaryong linyang rebolusyonaryo sa pagsusulong ng sosyalistang rebolusyon at konstruksvon. Mula noon, ibayong tinahak ng China ang landas ng kapitalistang panunumbalik.

Ang ganap na panunumbalik ng kapitalismo sa China ay nagpapatunay sa kawastuan ng turo ni Kasamang Mao na ang sosyalismo ay mabibigo oras na manaig ang rebisyunistang linya sa namumunong partido komunista o partidong manggagawa at sa kalauna'y magtatagumpay ang burgesya sa loob ng partido at estado sa pag-agaw sa poder at pagbabagsak sa proletaryado. Nag-iwan si Kasamang



## **Unang handog ng Sine Proletaryo**

Nitong Marso 1, inilabas ng Sine Proletaryo ang bidyong "People Power" na tumatalakay sa nagpapatuloy na pakikibaka ng mamamayang Pilipino para ibagsak ang rehimen ni Gloria Macapagal-Arroyo.

Ang Sine Proletaryo ang bagong bisig sa *video production* ng Kawanihan sa Impormasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang "People Power" ang unang labas ng *Signos*, na magiging regular na programa ng Sine Proletaryo.

Ang kulang-kulang 20 minutong produksyon ay pinalalaganap sa anyong VCD.

Mao ng isang pamanang magagamit natin sa pagbaka at pagbigo sa modernong rebisyunismo at sa higit na pagpapaunlad sa mga pwersa ng sosyalismo.

Sa buong taong 2006, dapat tayong maglunsad ng pangkalahatang mga kampanya at partikular na mga aktibidad para sa edukasyong teoretikal at pulitikal. Dapat nating harapin ang usapin ng modernong rebisyunismo bilang pinakamakamandag na kaaway ng rebolusyonaryong adhikain ng sosyalismo. Dapat nating muling pagtibayin ang mga akda at praktikal na pagsisikap ni Kasamang Mao at lahat ng rebolusyonaryong proletaryado sa paqtataquyod ng Marxismo-Leninismo at bakahin ang modernong rebisyunismo. Dapat nating ipagtanggol ang mga tagumpay nina Kasamang Stalin at Kasamang Mao sa sosyalistang rebolusyon at konstruksyon.

Dapat nating muling pagtibayin ang rebolusyonaryong linya at praktika ni Kasamang Mao ng nagpapatuloy na rebolusyon sa ilalim ng proletaryong diktadura sa pamamagitan ng Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura. Dapat nating kundenahin ang pagkakanulo ng maka-kapitalistang Tsino sa sosyalismo at sa proletaryong linyang rebolusyonaryo ni Kasamang Mao. Dapat nating labanan ang iba't ibang tendensyang rebisyunista na lumilihis sa syentipikong

esensya ng Marxismo-Leninismo-Maosimo at sa kongkretong paglalapat nito sa rebolusyonaryong praktika. Maisasagawa natin ito sa paglaban hindi lamang sa mga tradisyunal na tendensyang rebisyunista, klasiko at moderno, kundi

maging sa mga sumunod na tipo tulad ng Hoxaismo at Trotskyismo, na nagdadala ng rebisyunismo sa likod ng ultra-Kaliwang mukha.

Dapat nating muling pagtibayin ang ating determinasyon at pagsisi-

kap na tupdin ang istorikong misyon ng proletaryado na isulong ang sosyalistang rebolusyon at konstruksyon. Lahat ng kasamaang bumalot sa bansang dating nasa pamumuno ng mga rebisyunista ay dapat na magpaalab sa ating kapasyahang itaguyod ang Marxismo-Leninismo-Maoismo laban sa modernong rebisyunismo at isulong ang rebolusyonaryong adhikain ng sosyalismo.

Nang pansamantalang magtagumpay ang modernong rebisyunismo laban sa Marxismo-Leninismo at proletaryong diktadura, nakapaglunsad ang monopolyong kapitalismo sa pamumuno ng imperyalismong US ng pinakamalulupit na atake laban sa proletaryado at aping mamamayan, katulad ng globalisasyon ng "malayang pamilihan", rasismo, panunupil at digmang agresyon. Bilang tugon sa pagtindi ng pang-aapi at pagsasamantala, pinaiigting ng proletaryado at mamamayan ang kanilang paglaban sa pamamagitan ng armadong pakikibaka at iba pang anyo ng paglaban.

Internasyunalistang tungkulin ng mga partidong Marxista-Leninista-Maoista na magkaisa at pukawin, organisahin at pakilusin ang proletaryado at mamamayan sa kani-kanilang mga bansa at sa buong mundo sa paglaban para sa pambansang paglaya, demokrasya at sosyalismo laban sa imperyalismo, rebisyunismo at reaksyon. Sa pamamagitan ng pagdiriwang sa 50

taon ng pakikibaka laban sa modernong rebisyunismo, muli naming pinagtitibay ang aming paninindigan na magpunyagi sa rebolusyonaryong pakikibaka at magsikap na kamtin ang papalaking mga tagumpay sa gabay

ng Marxismo-Leninismo-Maoismo.

Itaguyod, ipagtanggol at isulong ang mga turo nina Marx, Engels, Lenin, Stalin at Mao!

Isulong ang rebolusyon laban sa imperyalismo, rebisyunismo at reaksyon!

Parangalan ang Dakilang Proletaryong Rebolusyong Pangkultura!

Mabuhay ang proletaryong internasyunalismo!

Mabuhay ang Marxismo-Leninismo-Maoismo!

#### Mga paunang lumagda:

Partido Komunista ng India (Maoista); Partido Komunista ng Pilipinas; Partido Komunista ng Turkey / Marxista-Leninista; Ligang Komunista ng Indonesia



## Kababaihan ng China, pinalaya ng rebolusyon

ng pagpapalaya sa kababaihan ay isa sa mga ibinunga ng tagumpay ng pambansa-demokratiko at sosyalistang rebolusyon sa China sa pamumuno ng Chinese Communist Party (CCP).

Lubos na kinilala at pinahala-gahan ng CCP ang papel ng kababaihan, kapwa sa pagsusulong ng rebolusyon para wakasan ang dating mapang-aping sistemang malakolonyal at malapyudal at ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon. Ayon kay Mao Zedong, tagapangulo ng CCP at dakilang gurong Marxista-Leninista: "Kapag nag-aklas ang kababaihan sa buong bansa, magtatagumpay ang rebolusyong Tsino."

Bago ang rebolusyon, napakababa ng katayuan ng kababaihang Tsino sa lipunan. Ayon kay Kasamang Mao, kung ang kalalakihang Tsino mula sa uring anakpawis sa panahong iyon ay dinodomina ng tatlong awtoridad—pulitikal na awtoridad ng estado, awtoridad ng angkan at pamilya at dominado ng ikaapat pa—ang awtoridad ng kalalakihan.

Sa lumang China—bago ang tagumpay ng bagong demokratikong rebolusyon—walang makabuluhang papel ang kababaihan sa produksyon. Halos wala silang papel sa industriya. Lubhang minamaliit ang papel nila sa produksyong agrikultural. Dahil sa kawalan ng kapangyarihan sa produksyon, itinuturing silang mababa sa antas ng kalalakihan at wala silang kapangyarihang mag-ari, mangasiwa, magpasya at mamuno.

Ang mga lupain sa China noon ay monopolisado ng malalaking panginoong maylupa. Subalit higit pa sa kalagayang ito, walang karapatang magmay-ari o mamahala sa lupa ang kababaihan. Tanging sa mga lalaki lamang ipinamamana at

ipinamamahala ang mga lupain ng kanilang mga ama.

Kalakaran na ang kababaihan ay pambahay lamang. Halos wala silang pinagkaiba sa alipin. Ang mga ina ay para lamang sa pagaalaga ng mga anak, at sila at ang kanilang mga anak na babae ay para lamang sa pag-aasikaso ng mga gawaing bahay at mga gawaing tulad lamang ng pangangalaga ng mga hayop sa bakuran at paghahabi. Hindi rin sila pinaq-aaral. Hindi sila ipinapaloob sa sosyal na aspeto ng pamumuhay. Halimbawa, kung ang mahihirap ay bawal sa mga handaan sa templong ansestral, lalong bawal doon ang kababaihan.

Pwersado silang magpakasal sa lalaking pinili ng kanilang mga magulang at ng mga tagapares (matchmaker). Wala silang karapatang muling mag-asawa kapag nabyuda sila. Sa kabilang banda, malaya ang mga lalaki na palitan

sila o kumuha ng ibang babae at ibahay ang mga ito kasama ang unang asawa. Ang pagbili ng babaeng ibabahay ay karaniwang ginagawa ng mga panginoong maylupa. Karaniwang galing sa pinakamahihirap na pamilya ang mga karagdagang asawa (concubine). Ang concubine ay hindi itinuturing na parte ng pamilya, o hindi kiniki-

lalang ina kahit magkaanak siya sa bahay na iyon.

Kapag ang mga asawang babae ay tumanda, nagkasakit o kaya'y sa tingin ng lalaki ay wala nang silbi, maaaring basta na lamang silang paalisin sa bahay. Tulad ng lupa, pag-aari at kalakal ang turing ng mga panginoong



maylupa sa kababaihan. Ang pagkuha ng panginoong maylupa ng anak na babae ng mga magsasaka bilang concubine ay paraan upang lalong makontrol ang mga magsasakang kanyang nasasakupan.

#### Mga tagumpay ng kababaihang Tsino

Bago pa ang pormal na pahayag hinggil sa pagkakatatag ng People's Republic of China noong Oktubre 1, 1949, pormal nang isinadokumento sa Common Program of The Chinese People's Political Consultative Conference (CPPCC) na pinagtibay sa Unang Sesyong Plenaryo ng CPPCC noong Setyembre 29, 1949 sa Beijing ang pagpapahalaga at pag-angat sa katayuan ng kababaihan. Nakalagay bilang pang-anim na artikulo ng dokumento ang probisyong:

"Wawasakin ng People's Republic of China ang pyudal na sistemang umaalipin sa kababaihan. Bibigyan sila ng karapatang kapantay ng sa kalalakihan sa larangan ng pulitika, ekonomya, kultura, edukasyon at sa lipunan sa pangkalahatan. Isasakatuparan din ang karapatan sa pag-aasawa kapwa ng kababaihan at kalalakihan."

Malawakang isinapraktika sa buong China ang mga programang nag-angat sa katayuan ng kababaihan sa iba't ibang larangan ng kanilang lipunan.

Sa produksyon. Sa pagkakatatag ng People's Republic of China, inilunsad ang repormang agraryo sa China. Kabilang ang kababaihan sa mga nakinabang sa lupang ipinamahagi ng bagong gubyerno. Sa kasunod na pagsusulong ng papataas na antas ng kooperasyon hanggang sa kolektibisasyon at pagtatransporma bilang pampublikong pag-aari ng mga kasangkapan sa produksyon sa panahon ng sosyalistang konstruksyon, nabiq-

yang-daan ang higit pang paglahok ng kababaihan sa produksyon.

Milyun-milyong kababaihang Tsino, na sa loob ng ilang siglo ay nakakulong lamang sa kanilang mga tahanan, ang lumahok sa kolektibong gawain sa produksyon. Dahil sa kapangyarihang dulot ng kanilang kakayahang makapag-ambag sa produksyon ng lipunan, mabilis na tumaas ang katayuan ng mga babaeng Tsino sa kanilang mga pamilya, angkan, komunidad at sa lipunan. At di tulad ng dati, patuloy na lumawak ang kanilang pananaw at kaalaman kasabay ng paglawak ng kanilang mga gawain at pagtaas ng antas at silbi nila sa lipunan.

Sa Pambansang Programa para sa Pagpapaunlad ng Agrikultura (National Program for Agricultural Development) sa panahon na ng sosyalistang konstruksyon sa China mula 1956, bukod sa pagbibigay ng takdang bilang ng araw sa kababaihan ng kanilang paglahok sa mga gawain sa agrikultura, nakasaad rin ang prinsipyo ng "parehong kita kapalit ng parehong trabaho" sa kababaihan kahit saan man sila magtrabaho, kasabay ang pagsasalang-alang din sa kanilang kalusugan.

Partikular ding nakasaad sa Common Program ang probisyon hinggil sa pangangalaga sa espesyal na interes o pangangailangan ng kababaihan sa mga pagawaan.

Dahil sa pagpapahalaga ng gubyernong bayan sa papel ng kababaihan, mula sa napakababang antas ng partisipasyon, ang bilang ng mga babae sa kanayunan na kalahok sa produksyon ay umabot na sa 70% sa simula ng pagyabong ng sosyalismo noong 1958. At sa kalunsuran naman, tumaas tungong 3.3 milyon (550% pagtaas mula noong 1949) ang bilang ng kababaihang manggagawa sa panahon

ding iyon.

Pagpapasya, pamumuno, karapatang makapaghalal at mahalal. Malaking tagumpay para sa kababaihan na sa unang sesyong plenaryo pa lamang ng CPPCC noong 1949, may 69 na babaeng kalahok (10.4% ng kabuuang delegasyon). Kinatawan ng mga ito ang kababaihan sa buong China sa pulong kung saan pinag-usapan ang konstruksyon ng bansa. Nahalal sa mahahalagang pusisyon sa plenaryo ang ilang babaeng delegado. Lumawak pa ang partisipasyon dito ng kababaihan sa mga sumunod pang taon.

Sa Electoral Law of the People's Republic of China na pinagtibay noong 1953, isinabatas ang pantay na karapatan ng mga babae na lumahok sa eleksyon. Sa eleksyong lokal na inilunsad sa taong ito, mahigit 90% ng kababaihan ang bumoto at umabot sa 17% ng mga nahalal ang mga babae. Sa halalang kaagad na kasunod para sa mga kinatawan sa National People's Congress, umabot sa 12% ng mga nahalal ay mga babae. Sa hanay ng mga pambansang minorya na dating pinakakonserbatibo at mapang-api sa usapin ng kababaihan, 11% ng kabuuang kinatawan ay mga babae.

Edukasyon. Ibayong tumaas ang antas ng literasiya sa hanay ng kababaihan. Bago ilunsad ang rebolusyon, 90% ng kababaihang Tsino ang hindi marunong magsulat at magbasa. Inilunsad ng bagong qubyernong bayan ang malawakang kampanya para itaas ang antas ng literasiya, edukasyon at kultura. Nagkaroon ng mga pag-aaral sa gabi at pati na rin sa mga oras sa araw na libre ang mga manggagawa. Pagsapit ng 1958, ang mga pag-aaral sa kanayunan at kalunsuran ay nagbunga ng 16 na milyong kababaihang natutong magbasa.

Kasal at pag-aasawa. Binuo

ang bagong Batas sa Pag-aasawa ng 1950 na kumilala sa malaya at pantay na karapatan ng mga babae at lalaki sa pag-aasawa batay sa pagmamahalan, monogamya (pagkakaroon ng isang asawa lamang) at nagbigay-proteksyon sa mga lehitimong karapatan ng mga babae at bata. Ibinasura ng batas na ito ang pyudal na sistema sa pag-aasawa sa China noon kung saan kalakaran ang inareglo at pwersahang pagpapakasal at supervoridad ng lalaki sa babaeng asawa at mga anak. Isinulong din ng batas na ito ang pantay na karapatan ng magasawa sa paq-aari at diborsyo. Siqnipikanteng bumaba ang pambubugbog sa mga babaeng asawa at iba pang klase ng pagmamalupit. Naqbunga rin ito ng pagpapawalambisa sa malaking bilang ng pinilit at mapang-aping mga kasal sa lumang balangkas hanggang sa tuluyan nang nawasak ang libong-taong sistema ng pyudal na pagaasawa.

Kalusugan. Ikinampanya at isinulong ang planadong panganganak upang pangalagaan ang kalusugan ng kababaihan. Gayundin, paraan ito upang mabigyan ng mas malaking pagkakataon at oportunidad ang kababaihan na lumahok sa gawain at ugnayan sa lipunan at makapaq-aral at di lamang matali sa panganganak at pag-aalaga ng mga bata. (Bukod pa ito sa layuning maplano ang ekonomya batay sa angkop na paglaki ng populasyon sa layuning sapat ang pagkain, trabaho at seguridad para sa mamamayan.)

Pagbabawal sa prostitusyon. Kaagad na ipinagbawal ng PRC ang prostitusyon sa China. Sa buong China, inilunsad ang kampanya laban sa prostitusyong bumiktima ng libu-libong babae. Ipinasara ang mga bahay-prostitusyon. Ginamot ang mga maysakit na babaeng

prostityut. Binigyan sila ng pagaaral, tinulungang mamuhay nang normal at binigyan ng oportunidad na makakita ng ibang hanapbuhay. Sa loob lamang ng maikling panahon sa sosyalistang konstruksyon ng China, kaagad na nawasak at nabura ang prostitusyon sa bansa.

Sa proseso ng paglulunsad ng rebolusyon sa China at sa panahong nakamit nila ang tagumpay, nakalaya at napahalagahan ang kababaihang Tsino at nakamit nila ang pagtataas ng kanilang katayuan sa pamilya, angkan, komunidad at sa buong lipunan. Binaklas ang makaluma, pyudal at patriyarkal na sistemang ilang siglong yumurak sa

mga karapatan at dignidad ng mga babae sa China.

Nagkamit ang kababaihan ng kapangyarihan, pagtaas ng kanilang mga kakayahan at pantay na paghahok sa pampulitika, pangekonomya, siyentipiko-edukasyunal-kultural at iba pang aspeto ng buhay panlipunan sa China. Isinulong ang kultura ng pagkakapantay-pantay. Ipinakita ng karanasan sa China na tanging sa pagtatagumpay ng pambansa-demokratiko at sosyalistang rebolusyon mapapasakamay ng kababaihan ang ganap na paglaya kasabay ng lahat ng iba pang mamamayan sa lipunan.

# Pagbisita ni Bush sa India at Pakistan, sinalubong ng mga protesta

**K** amatayan para kay Bush!" "Bush, mamamatay-tao; umuwi ka na!" Ito ang sigaw ng daan-libong mamamayan ng India at Pakistan paglapag ni Pres. George W. Bush ng US sa kanilang bansa noong unang linggo ng Marso. Tumungo si Bush sa India noong Marso 1-3 at sa Pakistan noong Marso 4 at 5 sa kanyang pinakaunang upisyal na pagbisita sa dalawang bansa.

Sa kanyang pagbisita sa India, nilayon ni Bush na kunin ang simpatya ng mamamayan lalupa't may estratehikong kahalagahan ang bansang ito sa usaping pulitiko-militar sa Asia at buong mundo. Ngunit sarisaring protesta ng libu-libong mamamayan ang sumalubong sa kanya. Umabot sa 100,000 ang dumalo sa demonstrasyon sa plasa ng Central New Delhi sa India. Kabilang sa tinutulan sa aksyong protesta ang mga mapandigmang patakaran ng gubyernong US at ang pananalakay at pananakop nito sa Iraq at Afghanistan.

Tumuloy sa Pakistan si Bush sa kabila ng pambobomba sa kanilang embahada doon noong Marso 2 na ikinasawi ng tatlo nitong empleyado. Tulad sa India, malawak din ang mga kilos protesta na sumalubong kay Bush sa Pakistan. Sa sobrang takot dito ni Bush at kanyang tuta na si Pres. Pervez Musharraf, ipinahuli at ipinakulong nila ang isang lider ng oposiyon at 350 aktibista na bumabatikos sa US. Napilitang lumapag sa Islamabad (kabisera ng Pakistan) ang eroplanong sinasakyan ni Bush nang patay ang ilaw sa gitna ng napakahigpit na hakbanging panseguridad. Kaagad siyang nagtago sa embahada ng US doon.



#### Pinakahuling mga kaso ng pasistang panunupil

HINDI kukulangin sa 17 katao na sa iba't ibang dako ng Pilipinas ang pinaslang mula Enero sa walang humpay na pasistang kampanya ng rehimeng Arroyo laban sa mga progresibong organisasyon at partido at mga sibilyang pinaghihinalaang tagasuporta ng rebolusyonaryong kilusan. Isang progresibong lider din ang dinukot at di pa natatagpuan.

Dinukot ng ilang armadong lalaki noong gabi ng Marso 3 sa Baler, Aurora si Joey Estriber, 35, pangkalahatang kalihim ng Bagong Alyansang Makabayan (BAYAN) sa prubinsya. Ayon sa mga nakasaksi, tinutukan siya ng baril at pwersahang isinakay sa isang pulang Kia Besta *van* na walang plaka. Mga elemento ng 48th IB ang hinihinalang dumukot kay Estriber. Hanggang ngayon ay hindi pa siya natatagpuan at pinangangambahang patay na.

Sa Quezon, walang awang pinaslang ng death squad ng rehimen noong Pebrero 28 si Napoleon Pornasdoro, 45, guro ng Quezon National High School at pinuno ng Southern Tagalog Teachers for Development (STATEMENT). Kasapi rin si Pornasdoro ng National Council ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) at dating upisyal ng BAYAN-Quezon.

Sa Northern Samar, dinukot, binugbog at pinatay ng mga elemento ng 20th IB noong Pebrero 25 ang sibilyang si Jose Agas, 65 sa Barangay E. Duran, Bobon matapos ang serye ng mga labanan sa pagitan ng militar at Bagong Hukbong Bayan. Pinatay din noong Pebrero 27 ng mga pinaghihinalaang militar si Oswaldo Galos, barangay kapitan ng Trujillo, Bobon at myembro ng Bayan Muna. Mahigit 2,000 katao na ang sapilitang nagbakwit mula nang simulan ng 20th IB, 82nd Recon Coy at 63rd IB noong Pebrero 9 ang malawakang operasyong militar at paglabag sa mga karapatang-tao ng mamamayan sa Bobon, Lope de Vega at Catarman sa Northern Samar at sa Oquindo District, Calbayog sa Samar.

Samantala, iniulat ni Jorge "Ka Oris" Madlos, tagapagsalita ng NDF-Mindanao, na mula Enero ng taong ito ay umabot na sa 14 na lider masa sa isla ang pinapaslang ng mga armadong galamay ng papet-pasistang rehimeng Arroyo. Kabilang dito ang tatlong lider ng komunidad sa Makilala, North Cotabato; isang lider ng samahang transportasyon sa Davao City; at 10 lider magsasaka—isa sa Cagwait, Surigao del Sur; tatlo sa San Luis, Agusan del Sur; isa sa Bislig City; isa sa Kitcharao, Agusan del Norte; at apat sa Cecilia, Bayugan, Agusan del Sur.

Sa Cagayan de Oro, nilooban at hinalughog noong gabi ng Marso 6 ng mga pinaghihinalaang tropa ng 4th ID ang upisina ng Bayan Muna-Northern Mindanao.

### Kawalang-aksyon ng gubyerno, binatikos ng biktima ng panggagahasa

NAGSALITA sa harap ng masmidya nitong Marso 4 ang Pilipinang ginahasa ng apat na sundalong Amerikano sa Subic, Zambales noong Nobyembre 1, 2005 para batikusin ang pagwawalambahala sa kanyang kaso ng rehimeng Arroyo. Sa isang panayam sa masmidya, sinabi ng biktima na pinangalanang "Nicole" ng ABS-CBN na labis niyang ikinagagalit na mas pinahahalagahan ng rehimen ang "mabuting relasyon" sa pagitan ng US at Pilipinas kaysa sa paghahabol ng hustisya sa kanyang kaso.

Tinuring niyang pagpapagandang-imahe at pagtatakip sa mga panghihimasok at mga krimen nila sa bayan lamang ang paglahok ng

mga sundalong Amerikano search and rescue operations sa Guinsaugon, St. Bernard, Southern Leyte na tinamaan ng landslide. Hiniling niya sa gubyernong Arroyo na iqiit nito ang kustodiya sa apat na akusadong sundalong Amerikano sa halip na ipaubaya lamang sa mga awtoridad ng US ang paghawak sa kanila. Pormal na isinuko ng gubyernong Arrovo sa US noong Enero ang karapatan nitong hawakan ang mga akusado. Pinabulaanan din ng biktima ang mga kumakalat na balita na nabayaran na siya para iatras and reklamo. Aniya, ipupursigi niya ang kaso kahit hindi pa siya tulungan ng qubverno.

## Magwawalis ng MMDA, nagprotesta

UMABOT sa 200 magwawalis na kawani ng MMDA (Metro Manila Development Authority) and nagprotesta nitong Marso 5 dahil sa mahiqit isang taon nang pagkaantala ng kanilang Cost-of-Living Allowance (COLA). Tumayo sila sa gitna ng haywey at hinarang nang 20 minuto ang mga sasakyan sa EDSA malapit sa upisina ng MMDA sa Magallanes, Makati City. Ang protesta ay pinamunuan ng kanilang organisasyong Sakamay, na kasalukuyang nakikipagnegosasyon sa MMDA para sa isang Collective Negotiating Agreement (CNA). Mayroong humigit-kumulang 1,000 magwawalis sa ilalim ng MMDA.



Taon XXXVII Blg. 5 Marso 7, 2006 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Labanan ang teroristang paghahari ng rehimeng Arroyo

akaraan lamang ang isang linggo, napilitan si Gloria Arroyo na bawiin nitong Marso 3 ang kanyang idineklarang proklamasyon na nagpailalim sa buong bansa sa "state of emergency." Ayon sa kanyang mga alipures, napawi na umano sa kalakhan ang banta sa seguridad ng bansa. Idineklara niya ang Presidential Proclamation 1017 noong Pebrero 24.

Ang totoo, sinalubong ng malawakan at mariing pagtuligsa ang PP 1017 sa loob at labas ng Pilipinas. Kinwestyon ang ligalidad ng deklarasyon. Pinabulaanan ang mga sinasabing batayan nito. Sinuway ang mga pagbabawal sa rali at iba pang pagpuprotesta. Lalong lumawak ang paglaban ng mamamayan at mga panawagang patalsikin si

Kasunod ng palabas na pagbawi sa PP 1017, idineklara ni Arroyo at kanyang mga tauhan na patuloy nitong tutugisin ang diumano'y mga "kasabwat sa kudeta." Kasabay nito'y inilabas ang mga mapanindak na regulasyon para sa masmidya upang tiyaking ito'y susunod sa mga "pamantayan" ng rehimen. Patuloy na target ng mga hakbanging mapanupil ang malawak na nagkakaisang prente ng mga patriyotiko, demokratiko at progresibong pwersa at iba pang pwersang lumalaban sa rehimen.

Nagbabanta ang rehimen na ibabalik nito ang PP 1017 o katulad nito "kapag hinihinging muli ng kalagayan." Patuloy ang malawakang pasistang kontra-

opensiba ng naghaharing papet at pasistang rehimeng Arroyo para panatilihin ang sarili sa poder at ipataw ang mas

Arroyo.

Ginawa ni Arroyo ang pabalat-bungang pagbawi sa
PP 1017 dahil nahirapan itong harapin ang malawakang batikos, at upang
unahan ang anumang posibleng pasya
ng Korte Suprema tungkol dito. Subalit patuloy
ang kanyang panlilinlang

ang kanyang panlilinlang, pagsisinungaling at paniniil. Wala itong pinagkaiba sa huwad na pagpapawalambisa ni Marcos sa batas militar nang ideklara niya ang "normalisasyon" noong 1981.

ORIA TOTALAM
AYAS

ANG PP10170

Sinu
Dinagkaiba sa huwad

sa batas militar nang

Mga tampok sa isyung ito...

Pasismo sa ilalim ng Proclamation 1017 PAHINA 3 Tugon ng BHB sa Proclamation 1017 PAHINA 5 "People Power,"
unang handog ng Sine
Proletaryo PAHINA 12

### Mga instruksyon sa paglilimbag

- **1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- **2.** Pag-print sa istensil:
  - a) Sa print dialog, i-check ang Print as image
  - b) Alisin ang check sa Shrink oversized pages to paper size
  - k) I-click ang Properties
  - d) I-click ang **Advanced**
  - e) Tiyaking naka-set sa 100% ang Scaling
  - d) Ituloy ang pag-print
- **3.** Hinihikayat ang mga kasama na ipaabot sa panugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*